The City of SAN DIEGO

# Patnubay sa Pagre-recycle ng Organikong Basura sa Bangketa



The City of **SAN DIEGO**
**Environmental Services Department**

Kumusta Kapitbahay,

Ipinagmamalaki ng Lungsod ng San Diego na ipaalam ang karagdagang lingguhan na pagkolekta ng organikong basura sa iyong kasalukuyang serbisyo sa basura at pagre-recycle. Ang mga kostumer na sineserbisyuhan ng Lungsod ay makakatanggap ng libreng balde sa kusina at berdeng basurahan.*Ang mga natabas sa hardin, tirang mga pagkain at papel na narumihan ng pagkain (tinukoy na organikong basura) ay maitatapon lahat sa berdeng basurahan.

- Ang mga balde ng kusina ay inihahatid sa lahat ng  mga sambahayang sineserbisyuhan ng Lungsod, at ang berdeng mga basurahan ay inihahatid sa mga sambahayang sineserbisyuhan ng Lungsod na kasalukuyang wala pa nito.
- Kapag dumating ang berdeng basurahan at ang balde ng kusina, ang bawat sambahayan ay makakatulong na gumawa ng malaking kaibhan sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagkolekta ng organikong basura at pagtapon sa laman nito sa berdeng basurahan Ang organikong basura na dinadala sa mga land ill ay nabubulok at naglalabas ng mga gas ng greenhouse.
- Ang Lungsod ay nagbibigay ng mga tip upang maiwasan ang mga amoy o pag-apaw ng berdeng basurahan. Ang makakatulong na mga tip ay matatagpuan sa **www.sandiego.gov/cleanbintips**.
- Ang pagtatapon ng organikong materyal sa berdeng basurahan ay makakatulong na gawin ang San Diego na mas mapapanatili at umuunlad na lugar para tumira, magtrabaho at maglaro! Hindi namin magagawa ito kung wala kayo!

Mangyaring bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon sa **www.sandiego.gov/organicwasterecycling**

***Salamat!***

** May ilang mga kasalukuyang kostomer ang mayroon na ng berdeng basurahan. Ang mga kostumer na iyon ay makakatanggap ng balde sa kusina, ngunit hindi na ng berdeng basurahan.*

# Proseso sa Pagre-recycle ng Organikong Basura sa Sambahayang Sineserbisyuhan ng Lungsod

**SIMULAN**

**Kolektahin ang natabas sa hardin, mga tirang pagkain, at mga papel na narumihan ng pagkain.**

**Ilagay ang natabas sa hardin, mga tirang pagkain, at mga papel na narumihan ng pagkain sa berdeng basurahan.**

**Ang organikong basura ay kukunin linggu-linggo at pangunahing dadalhin sa Miramar Greenery kung saan ito ay ipoproseso.**

**Mga tubo na may butas-butas ay magbibigay ng hangin sa mga materyal sa panahon ng pagpoproseso.**

**Ang hangin at halumigmig ay magpapabuti sa pagpapabulok.**

**Ang mga materyal ay magiging maliit na mayaman sa masustansyang pag-aabono.**

**Ang pang-aabono ay libre sa mga residente ng Lungsod.**





**Itabi ang kopya ng gabay na ito para sa madaling pagsangguni. Ito ay idinisenyo upang tulungan ka na malaman kung paano matagumpay na mai-recycle ang organikong basura.**
**Telepono sa Sentro ng Customer Care: 858-694-7000, Email: trash@sandiego.gov, Website: www.sandiego.gov/organicwasterecycling**

REV: 5-10-2023

# Mga Tip Sa Pagkolekta ng Tirang Pagkain

Kolektahin ang tirang pagkain!  Magandang magsimula sa madaling mga bagay katulad ng ginamit na giniling na kape o mga tangkay/tagdan mula sa paghanda ng gulay. Ilagay ang mga balat ng prutas at gulay, mga kinudkod sa plato at papel na narumihan ng pagkain sa balde ng kusina o sa sisidlan na iyong gusto sa panahon ng paghanda ng pagkain o sa pagkatapos ng kainan. Siguraduhin na alisin ang lahat ng mga pang-empake (mga istiker ng produkto, plastik na balot, pilipit ng mga pantali, foil at mga sisidlan) mula sa iyong mga tirang pagkain.



**TIP 1** **Alisan ng likido ang iyong tirang mga pagkain. Isaalang-alang ang paglagay sa repridyeretor o pagpapalamig ng mga tirang pagkain hanggang sa araw ng pagkolekta.**

**TIP 2** **Wiligan ng baking soda ang ibabaw ng tirang pagkain upang maalis ang malamang na mga amoy.**

**TIP 3** **Balutin sa peryodiko ang natirang pagkain, mga bag na papel, mga tuwalyang papel, mga serbiliyeta, o papel na pergamino bago itapon sa iyong berdeng basurahan.**

**MANGYARING TANDAAN:** ***Ang mga balde sa kusina, o ibang mga sisidlan na ginamit sa paghatid ng organikong basura mula sa loob ng tahanan patungo sa berdeng basurahan, ay hindi dapat ilagay sa nakatalagang lugar para sa pagkolekta (gilid ng bangketa, eskinita, atbp.).***

***Banlawan ang balde pagkatapos alisin ang laman at ibalik sa kusina para sa karagdagang paggamit.***

# Mga Tip sa Pagkolekta ng Natabas sa Hardin



**TIP 1** **Siguraduhing ang lahat na mga bagay ay magkasya sa berdeng basurahan at maisasara ang takip.**

**TIP 2** **Panatilihing walang kontaminasyon ang basura sa iyong bakuran. Mangyaring huwag itapon ang plastik na mga bag (kahit na minarkahan ng “maaabono”), salamin, bakal, mga plastik, sawdust, abo, mga tisa sa bubong, may kemikal o pininturahang kahoy o basura ng anumang uri kabilang ang dumi ng alagang hayop.**



Balde sa Kusina – **PANLOOB**



Berdeng Basurahan – **PANLABAS**



REV: 5-10-2023

# Ano ang Mailalagay sa Berdeng Basurahan?




**HINDI**

- ✖ **Salamin at Mga Bakal**
- ✖ **Plastik na Mga Bag at Plastik na Mga Sisidlan**
- ✖ **"Nagagawang abono" o "Nabubulok" na Mga Produktong Plastik Kabilang ang Mga Bag at Sisidlan ng Serbisyo na Pagkain**
- ✖ **Mga Lastiko at Pilipit na Mga Tali**
- ✖ **Mga Pinggan at Mga Kubyertos**
- ✖ **Dumi ng Alagang Hayop at Mga Lampin**
- ✖ **Putik at Mga Bato**

*Hindi sigurado kung ang isang bagay ay sa berdeng basurahan ilalagay? Bisitahin ang aming website para sa mas detalyadong listahan ng tinatanggap at hindi tinatanggap na mga bagay sa* ***www.sandiego.gov/organicwasterecycling*****.**

# Panatilihing Malinis ang Iyong Berdeng Basurahan!

***Ihalili ang Pagkain at Basura sa Bakuran sa iyong Berdeng Basurahan.***
**Para sa pinakamabuting pagpapanatili, sundin ang halimbawang ito kapag nagpapatong-patong ng organikong basura sa iyong berdeng basurahan.**




**MANGYARING TANDAAN:** ***Ang berdeng mga basurahan na ibinigay ng lungsod ay dapat gamitin para sa organikong basura. Mangyaring huwag maglagay ng personal na mga sisidlan sa kalsada para sa pagkolekta.***






- Subukang panatilihing ilagay ang iyong berdeng basurahan sa malilim na lugar at laging isara ang takip.




- Wiligan ng patong na baking soda sa ibabaw ng organikong basura kung napansin mong nangangamoy.
- Laging lagyan ang kailaliman ng iyong berdeng basurahan ng natabas sa hardin (o peryodiko/basurang papel) upang sumipsip sa halumigmig at pigilan ang pagkain na dumidikit sa kailaliman. Sunod, magdagdag ng tirang mga pagkain at saka patungan ng peryodiko o natabas sa hardin upang takpan ang tirang mga pagkain.



- Tandaan na **ilagay ang iyong berdeng basurahan sa labas bawat linggo para sa pagkolekta**, kahit na ito ay hindi napuno.





- Pagkatapos ng pagkolekta, brutsahan ang anumang natira sa loob ng berdeng basurahan at banlawan ng tubig sa ibabaw ng paysaheng lugar upang maalis ang nalalabi. Kung wala kang paysaheng lugar na maa-access, kolektahin ang maruming tubig at ibuhos sa paagusan ng tahanan o gamitan ng pansipsip ng tubig (mga tuwalya, mga mop, pansipsip na medyas/boom), wet vacuum, o vacuum broom. Mangyaring huwag ibuhos ang maruming tubig sa kalsada o sa paagusan ng bagyo na naglalabas ng marurumi sa mga daluyan ng tubig.


# Mga Paalala sa Araw ng Pagkolekta



**Ilagay ang mga basurahan sa bandang 6 a.m. upang makukuha.**



**HUWAG masyadong punuin ang mga basurahan, ang mga laman ay dapat hindi nakaharang sa takip upang maisara.**




**Ilayo ang mga sisidlan ng tatlong talampakan mula sa ibang mga basurahan, mga sasakyan at mga nakaharang.**



**HUWAG ilagay sa supot ang iyong mga nare-recycle o organikong basura sa loob ng plastik na mga bag. Ilagay lamang ang mga ito na maluwag sa basurahan.**

# Madalas na mga Katanungan





### Ano ang laki ng berdeng mga basurahan na inialok at ilang berdeng basurahan ang aking makukuha?

Kung hindi ka pa naisyuhan ng berdeng basurahan na ibinigay ng lungsod, ihahatid sa iyong tirahan ang isa nito na walang bayad. Magdedepende sa iyong ari-arian, makakatanggap ka ng 95-galon, 65-galon, o 35-galon na berdeng basurahan. Ang mga sambahayan ay karapat-dapat lamang na magpalit ng mga sukat ng sisidlan at humiling ng karagdagang mga sisidlan matapos silang magsimula sa kanilang bagong serbisyo sa pagkolekta ng nare-recycle na organikong basura. Karagdagang impormasyon sa mga paraan sa paghiling ng karagdagang basurahan o palitan ito ng ibang laki ay isasama sa paghatid ng iyong kauna-unahang basurahan.

### Saan ihahatid ang berdeng basurahan?

Ang berdeng mga basurahan ay ilalagay sa may kalsada, sa tabi ng bangketa, sa harap ng iyong tirahan.

### Paano ko malalaman kung ang aking berdeng basurahan ay kokolektahin?

Ang iyong berdeng basurahan ay kokolektahin isang beses sa isang linggo sa iyong regular na naka-iskedyul na araw sa iyong normal na lugar ng pagkolekta. Hanapin ang iyong iskedyul sa **www.sandiego.gov/get-it-done**.

### Bakit hindi ako makakagamit ng naaabonong plastik na mga bag o itapon ang naaabonong mga produkto sa berdeng basurahan?


Ang mga produktong plastik na minarkahan na "nagagawang abono" o "nabubulok" ay hindi dapat ilagay sa berdeng mga basurahan na pang-residensyal sa Lungsod ng San Diego. Kabilang sa mga bagay na ito ang mga bag, sisidlan ng takeout na pagkain, mga sisidlan ng kape, pampakete ng pagkain, mga tasa, mga pinggan at serbisyong kagamitan. Maraming naaabono at nabubulok na mga bagay na kasalukuyang makukuha ay hindi patuloy na mabubulok sa bilis na tatanggapin sa pasilidad ng Miramar Greenery. Ang maliliit na mga piraso ng plastik na naiwan ay nakakabawas sa kalidad ng naaabono at maaaring maging sanhi na magkalat sa hangin na magpaparumi sa mga kapitbahayan at magdurumi sa mga daluyan ng tubig. Ang naaabono at nabubulok na plastik na mga bag ay kadalasan hindi naaaninag na pumipigil
sa kakayahan ng kawani na madaling makikilala ang mapanganib na kontaminasyon katulad ng salamin, mga plastik at mapanganib na basura.



REV: 5-10-2023

## Sumali sa Aming Mga Webinar at Mga Workshop

Ang Lungsod ng San Diego ay nagho-host ng **libreng** online na mga webinar na pang-impormasyon at sa personal na mga workshop tungkol sa programang pagre-recycle ng organikong basura. Aming rerepasuhin ang mahalagang impormasyon tungkol sa bagong lingguhan na pagkolekta ng organikong basura, magbibigay ng mga tip kung paano tamang pag-uuriin ang mga materyal at pananatilihing malinis ang iyong berdeng basurahan. Sasagutin din namin ang karagdagang mga tanong. Ang pagsasalin sa mga ibang wika maliban sa Ingles ay makukuha kung hihilingin. Hanapin ang iskedyul ng webinar at workshop at magparehistro upang makadalo sa **www.sandiego.gov/organicwasterecycling**.




## Ang Pang-abono at Mulch ay Makukuha ng Mga Residente ng Lungsod

Tumulong na makumpleto ang siklo ng pag-aabono sa pamamagitan ng paggamit ng pang-abono at mulch sa iyong halamanan o sa lugar ng paysahe. Ang Miramar Greenery ay gumagawa ng pang-abono, mulch at mga kapiraso ng kahoy. Ang mga produktong ito ay mahalaga sa pagtulong na mapabuti ang lupa, tipirin ang tubig, bawasan ang paggamit ng sintetikong mga abono, mga pestisidyo at mga herbisidyo at pabutihin ang mga paysahe.

Ang mga residente sa Lungsod ng San Diego ay maaaring kumuha ng dalawang kubikong yarda ng pang-abono o mulch mula sa Miramar Greenery na **LIBRE** na may patunay ng address. Ang mga tauhan ng Greenery ay maaaring tumulong sa pagkakarga ng mga materyal sa iyong sasakyan na may bayad.

Ang natatanging mga produkto sa halamanan ay mabibili sa mapagkumpitensyang mga presyo mula sa Miramar Greenery kabilang ang iba't ibang mga uri ng pang-abonong mulch at mga produktong tatal ng kahoy.

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: **www.sandiego.gov/environmental-services/miramar/greenery**

MIRAMAR GREENERY
MULCH COMPOST WOOD CHIPS





# Saan Mapupunta ang mga Bagay?

SD Environmental Services



## PAGRE-RECYCLE NG ORGANIKONG BASURA
BAWAT LINGGO

### Tirang Mga Pagkain



### Papel na Narumihan ng Pagkain



### Natabas sa Hardin



**HINDI**

Salamin, Plastik na Mga Supot, Dumi ng Alagang Hayop, Mga Masetera, Dumi, Mga Bato, Mga Brick at Mga Tarheta

Matuto nang higit pa sa RecyclingWorks.com



## PAGRE-RECYCLE
BAWAT IBANG LINGGO

*Lahat na Mga Nare-recycle ay Walang Laman, Tuyo at Maluwag*

### Aluminyo, Mga Boteng Bakal at Mga Lata





### Aluminyo Foil at Mga Bandeha



### Mga Bote at Mga Banga



### Mga Kahon at Kardbord




### Halong Papel at Ginutay-gutay na Papel *(ang ginutay-gutay na papel ay dapat nakalagay sa supot na papel)*



### Papel na Mga Karton ng Pagkain at Inumin




### Mga Boteng Plastik, Mga Tasa, Mga Sisidlan, Mga Banga, Mga Bandeha, Mga Balde, Mga Tub at Mga Laruan, Styrofoam™ na Pakete at Mga Sisidlan ng Inumin



**HINDI**

Plastik na Mga Supot, Plastik na Balot, Pagkain o Likido, Mga Damit, Mga Hose, Mga Alambre, Mga Elektroniko, Mapanganib na Mga Basura, Mga Kemikal, Mga Baterya, Compact na Mga Bombilyang Fluorescent, at Nagagawang Abono at Nabubulok na Mga Plastik



## BASURA
BAWAT LINGGO

### Mga Produktong Pangkalinisan, Mga Lampin at Dumi ng Alagang Hayop



### Plato at Mga Baso



### Mga Platong Papel, Mga Tasa at Mga Kahon ng Pagkaing Takeout



### Mga Tisyu at Pangkalinisang Pampunas



### Plastik na Mga Supot, Mga Pambalot at Film



### Plastik na Mga Straw at Kagamitan, Mga Produktong may Nakalagay na "Nagagawang Abono" o "Nabubulok"



**HINDI**

Mga Elektroniko, Mapanganib na Mga Basura, Mga Kemikal, Mga Baterya at Compact na Mga Bombilyang Fluorescent



REV: 5-10-2023




***Nangangailangan ng Tulong o Gustong Matuto Nang Higit Pa?***

Bisitahin ang: **www.sandiego.gov/organicwasterecycling**

Email: **trash@sandiego.gov**

Tawagan ang Aming Sentro ng Customer Care sa Telepono: **858-694-7000**

Ang Pagsasalin sa Ibang Wika at Interpretasyon ay makukuha kung hihilingin.

SD Environmental Services